Hindi nalalabag ang buhay ng isang taong Muslim malibang dahil sa isa sa tatlo

Ayon kay Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi nalalabag ang buhay ng isang taong Muslim malibang dahil sa isa sa tatlo: ang nakapag-asawang nangalunya, ang buhay kapalit ng buhay, at ang nag-iiwan ng Relihiyon niya na nakikipaghiwalay sa Bukluran."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang buhay ng Muslim ay bawal labagin maliban kung gumawa siya ng isa sa tatlong pagsalansang: Ang Una: Ang sinumang nasadlak sa kahalayan ng pangangalunya samantalang nakapag-asawa na sa isang tumpak na kontrata, ipahihintulot ang pagpatay sa kanya sa pamamagitan ng pagbato. Ang Ikalawa: Ang sinumang pumatay ng isang taong pinangangalagaan, nang sadyaan nang walang katwiran, papatayin siya ayon sa mga kundisyon nito. Ang Ikatlo: Ang lumabas sa Bukluran ng mga Muslim, na maaaring dahil sa pag-iwan ng Relihiyon niyang Islām sa kabuuan nito dahil sa pagtalikod, o ang nakikipaghiwalay nang walang pagtalikod sa pamamagitan ng pag-iwan sa isang bahagi nito gaya ng mga kampon ng paghihimagsik, mga mandarambong sa daan, at mga nakikipagdigmaan gaya ng Khawārij at iba pa sa kanila.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4714